# MANATILING LIGTAS KAPAG NAGMAMANEHO SA TAGLAMIG




**Narito ang ilang suhestiyon upang manatili kang ligtas at ang iba pang tao hangga't maaari kapag ikaw ay nagmamaneho.**




May makukuhang mga libreng pangkaskas ng yelo at panlinis na basahan sa mga Opisina ng Konseho, Aklatan at mga Sentro ng Isport at Libangan

1. Suriin ang mga kondisyon ng daan bago ka umalis ng bahay, at tiyaking walang niyebe (snow) at yelo ang lahat ng mga bintana ng sasakyan bago ka magmaneho
2. Kung wala kang kumpiyansang magmaneho dahil sa mga lagay ng panahon, magplano ng ibang mga paraan ng pagbibiyahe gaya ng bus o makipag-ride share sa isang kaibigan o kapitbahay
3. Maglaan ng dagdag na oras sa pagbiyahe at bagalan mo ang takbo ng sasakyan
4. Dahan-dahang magpatulin at magpreno kapag nagmamaneho sa mga ma-niyebeng kondisyon
5. Kung talagang napakalamig, ma-niyebe o ma-yelo ang panahon, magbiyahe lamang kung talagang kailangan o pag-isipang gumamit ng ibang daanan at iwasang magbiyahe na dadaan sa Crown Range
6. Doblehin ang iyong distansya sa mga sinusundan mong sasakyan at huwag lalampasan ang mga grit truck
7. Mag-ingat lalo na sa pagmamaneho sa mga tulay na ang kalsada ay maaaring mas ma-yelo, gaya rin ng mga nasa lilim na lugar
8. Magdala ng mga kadena sa iyong sasakyan saan ka man pupunta
9. Praktisin ang pagkakabit ng mga kadena sa iyong sasakyan sa driveway ng iyong bahay o dumalo ka sa isang praktikal na workshop

QUEENSTOWN LAKES DISTRICT COUNCIL

## Alamin kung kailan gagamit ng mga kadena

Magkabit lamang ng mga kadena kung may niyebe sa kalsada, o kung ikaw ay inutusang magkabit ng mga ito ng Pulisya, mga ski field operator o mga Winter Road Report (Pang-Kalsadang Ulat sa Taglamig) ng QLDC. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagmamaneho sa taglamig at pagkakabit ng kadena, tingnan ang **www.qldc.govt.nz/winter-road-reports**

## Paano pinamamahalaan ang mga kalsada sa taglamig?

Sa mga araw na ma-niyebe, inaalis muna namin ang yelo at niyebe at naglalagay ng buhangin (grit) sa mga prayoridad na kalsada bago isunod ang mga pangalawang kalsada at daanan ng tao. Ang Calcium Magnesium Acetate (CMA) ang ginustong gamitin para sa pagbabawas ng yelo sa ating mga kalsada. Ito ay isang biodegradable na produktong nag-aalis ng yelo na aming ini-spray sa mga kalsada at daanan ng tao kapag ang temperatura ay mahigit sa -7°C.  Mabilis at madaling gamitin ang CMA, at mas ligtas kaysa sa buhangin (grit) para sa mga motorista.



Magiging tila basa ang kalsada na ginamitan ng CMA. Hanapin ang tuwid na linya sa gilid ng kalsada upang malaman kung ito ay CMA, hindi maitim na yelo.




Alamin kung ang inyong kalsada ay malamang na alisan ng niyebe sakaling malakas ang pag-ulan ng niyebe gamit ang aming mapa ng mga prayoridad na kalsada sa **www.qldc.govt.nz/winter-road-reports#priority-roads**

Mapanganib pa rin ang taglamig na mga kondisyon para sa mga sasakyang four-wheel-drive

## Manatiling may kaalaman tungkol sa mga kondisyon ng kalsada

- Mag-sign up sa aming Winter Road Reports sa **ww.qldc.govt.nz/winter-road-reports**
- Mag-sign up sa aming pang-alertong text sa komunidad sa **www.qldc.govt.nz/text-alerts**
- Tingnan ang aming Facebook page para sa mga pang-araw na update sa **www.facebook.com/QLDCinfo**
- Kumuha ng mga update tungkol sa mga State Highway sa **www.journeys.nzta.govt.nz**
- Tingnan ang Crown Range webcam sa **www.metservice.com/traffic-camera/crown-range**

QUEENSTOWN LAKES DISTRICT COUNCIL